



# Internasyonal na Pahayagan ng mga Ina nang Panalangin

Ministryo ng mga Kababaihan ng United Pentecostal Church Internasyonal

Hunyo 2014

## Internasyonal na mga Ina nang Panalangin

**Sino kami?** . . . Simula pa noong 1999: ang "Mothers of Prayer Intl." ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-unang lunes ng kada buwan ,upang manalangin ng sama sama para sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan.

**Ang aming misyon** . . . Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon ,gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang henerasyon.

**Aming kailangan** . . . Mga Kababaihan na handang maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang pokus na ipanalangin ang kanilang mga anak tuwing ika-unang lunes ng kada buwan.

**Tatlong dapat bigyang pansin sa pananalangin..**

1. Kaligtasan ng ating mga anak(Isaias 49:25; Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
2. Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (I Juan 2:25-28; Santiago1:25).
3. Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38).

## Pangangalaga ng bunga ng kanyang Ispiritu

ni Vercinia Reed



Dahil sa ingay,napalingon ako sa aking anak na masayang nilalaro ang sapatos ng kanyang ama, naroong kanya itong kinakaladkad o inaapak apakan.Pamaya maya pa ay kanya itong isinuot at itinerno pa ang aking sumbrero habang nangingiti. Ako ay palihim na natatawa at napag-isip ko tuloy, ano ba ang malaki?ang kanyang suot na sapatos na halos kasya ang kanyang buong katawan o ang kanyang nakakabighaning ngiti na abot hanggang pisngi. Nung napansin niya na ako'y nakatingin, sabay kaming napahagikihik at masayang nagtawanan. Nangyari ito maraming taon na ang nakakalipas, sa ngayon ay mas pinipili na niyang hiram ang aking pitaka o "bag" kumpara sa sapatos ng kanyang ama,pero ang alala ng paglalaro niya ng sapatos

noon ay parang kaylan lamang, ngunit nagpapatunay lamang ito na ang ating mga anak ay palaging nagmamasid at natututo mula sa atin. Sa Tito 2:3, tayo (mga nakakatandang)kababaihan ay "tinawag " upang magturo ng mga mabubuting bagay.." Ito ay ating pribilehiyo at responsibilidad na maipakita at maipamuhay ang bunga ng kanyang Ispiritu; pag-ibig,kagalakan,kapayapaan, katiyagaan,kabaitan, kabutihan,katapatan,kahinahunan, at pagpigil sa sarili.(Gal 5:22-23).

Minsan, pakiramdam ko ako ay isang taong ipinapakita ang kasalungat ng nais kong makita sa akin ng iba, sa halip na maipamuhay ko ang bunga ng kanyang ispiritu,minsan ay nahahayaan ko na manguna sa akin ang gawa ng aking laman..at alam ko na hindi lamang ako nag-iisa sa ganitong pakikibaka. Ang sabi nga ni Pablo sa Roma 7:19 (KJV), "Sapagkat ang mabuti na aking ibig, ay hindi ko ginagawa:ngunit ang masama na hindi ko ibig,ay siya kong ginagawa.

Ano ba ang dapat nating gawin kapag lumalabas ang "pangit" sa atin? Sa kabutihang palad, tayo ay dapat pa ring magpatuloy na maging tagapagturo sa kung papano tayo ay tinawag ng ating Panginoon. Ang ating pagkatao ay nakikita ng iba sa pamamagitan ng ating pag-uugali at pananalita.

(Kawikaan 23:7;Lukas 6:45). Mas magiging epektibo ang ating pagbabago sa pamamagitan ng panalangin at pagturo sa ating mga sarili na palaging isadiwa ang mga bagay na tutoo,kagalanggalang,matuwid, malinis, kaibig-ibig, mabuting ulat, kagalingan,at kapurihan. (Filipos 4:8). Tayo ay may karunungan na, na paglabanan ang mga gawa ng ating laman at mamuhay ng ayon sa bunga ng Ispiritu (Galacia 5:24-25). Ang mga bagay na ito ay hindi mahirap abutin sa tulong ng panalangin.. Palagi nating alalahanin na ang banal na Ispiritu ng ating Diyos ay handang tumulong sa panahon ng ating kahinaan. (Roma 8:26).

#### Mga Puntos Sa Panalangin

- Masumpungang ako ay may magandang “lupa” upang lumago ka pa sa aking buhay.
- Maipakita mo sa akin ang mga gawa ng laman
- Maging pagpapala ako sa iba upang sila din ay mapalapit sayo.
- Na ang buhay ko ay magsilbing huwaran sa iba.
- Na ang mga tao, mapabata man o matanda na malapit sa puso ko ay sundin din ako kagaya ng pagsunod ko sa iyo.

Kapag napapansin ko na ang aking mga salita at galaw ay nakukuha ng aking mga anak,may pagkakataong ako ay nadidismaya o kaya naman ay napapalakas.. dahil kung minsan ako ay nagkakamali at minsan naman ako ay tama. Tandaan natin na sa ating mga salita, gawa at panalangin tayo ay mayroong kamangha manghang posibilidad na maka impluwensiya din sa iba.

Tala: Si Vercinia Bailey Reed at ang kanyang asawa na si Brad, ay nagsilbi bilang “AIMers” sa United Arab Emirates na kung saan sila ay nagpapastor sa “ Abundant Life Church”. Meron silang dalawang anak , si Jaden edad 10 at si Elias edad 3. Si Vercinia ay nagtapos ng BHS at MHS sa “Communication Sciences & Disorders” at nagtrabaho bilang isang “speech-language pathologist “ bago pumunta sa UAE noong 2003.

## Kapayapaan sa Panahon ng Unos

### ni Rhonda Hurst

"Pastor, ipanalangin nyo po na ako ay lukuban ng pag-iingat ng ating Panginoon”.,” ay ang mga salitang narinig ko mula kay Vanessa na isang kapatiran sa aming sambahan. Siya ay nagtatrabaho sa isang “home for severely abused children o “tirahan ng mga batang biktima ng malubhang pag-abuso”. Si Vanessa ay minsanang nagsabi sa amin kung gaano naabuso ang mga bata bago dumating sa kanila at aniya mayron pang darating na isang walong taong gulang na batang babae. Na kung saan ang batang ito ay nasasapian ng masamang ispiritu.

Dahil dito ipinalangin namin si Vanessa. Pagkalipas ng ilang araw, ipinatawag ng superbisor ni Vanessa ang aking asawa na pumunta sa “tirahan” na iyon upang manalangin. Maulan ng araw na iyon na tila ba mayroong bagyong parating at kagaya ng nasa labas, ang loob ay mayroong ding sariling “unos”.

Ilang minuto ding kinausap ng asawa ko ang mga empleyado sa lugar na iyon, ipinaliwanag niya kung paano siya mananalangin at kung gaano kamakapangyarihan ang Pangalan ng ating Panginoong Hesus. (Mateo 10:1,8). Sinabi din niya kung gaano kamahal ng ating Panginoong Hesus ang mga bata ( Lucas 18:16) "Datapuwat pinalapit sila ni Hesus sa kaniya ,na sinasabi,Pabayaang ninyong magsilapit sa aking ang mga maliliit na bata, at huwag ninyo silang pagbawalan:sapagkat sa mga ganito nauukol ang kaharian ng Diyos.

Pagkatapos ng maikling pagpapaliwanag,sinabi ng asawa ko na magkahawak kamay silang lahat at sila ay nagsimulang manalangin. “Panginoon, kami ay naparito sa bahay na ito sa Pangalan mo Hesu Kristo, sapagkat walang ibang pangalan na makakaligtas sa amin mula sa pagpapahirap ng kaaway kundi sa pangalan mo lamang, Hesus. Lukuban niyo po Panginoon ng inyong banal na dugo ang lugar na ito upang ang mga masasamang ispiritu na nagpapahirap sa mga bata at mga empleyado dito ay lumayas na. Hayaan mo na ang iyong kapayapaan ay maghari sa lugar na ito. " Pagkatapos ng kanilang panalangin ang banal na Ispiritu ay nanahan sa kanila at ang iba sa knila ay nanginig dahil sa presensiya ng panginoon . Pagkatapos ng panalangin iyon, si Vanessa ay nag “text” sa amin at nagsabi na ang kanyang mga katrabaho ay nagtatanong kung ano ba ang kanilang

naramdaman dahil hindi pa daw nila iyon nararanasan sa buong buhay nila..

At sinabi din ni Vanessa na simula ng ipinanalangin ang lugar na iyon bumalik na ang kapayaan na mayroon sila dati. Bawat isa sa kanila ay nagsasabi na " hey! Ramdam ko na bumalik na ang kapayapaan dito."at dahil dito nagkaroon ng pagkakataon na makapanalangin sa mga bata sa aming pamayanan. Tutuo ngang mayroong higit na kapangyarihan sa pangalan at dugo ng ating Panginoong Hesu Kristo. Kaya di tayo dapat matakot sa kaaway! Sapagkat ang pangalan na ating Panginoong Hesus ay pinakamataas sa lahat ng pangalan.

Tala: Si Rhonda Hurst ay asawa ni Nathan J. Hurst, na kung saan ay nagpapastor sa Hollister, CA. Siya din ay ang "Western District Ladies Ministries president", isang ina, lola, mang-aawit, nagsusulat ng kanta, at guro .

## Bunga ng Ispiritu

ni Vickie Oliver



"Datapuwat ang bunga ng Ispiritu ay pag-ibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, pagpipigil laban sa mga gayong bagay ay walang katapusan. ( Galatia 5:22-23).

Ako ay nagagalak na makita na yung mga pekeng prutas na nakalagay sa mga mangkok na pang lamesa noon ay bumabalik na naman. Palagay ko, marami sa atin ang nakakaalala sa mga ito. Mayroong pulang mansanas o saging o kya naman ay ubas. Mapagbiro ang aking ama kaya naman kapag ako ay kumakain ng agahan

noon, nilalagay niya sa plato ko ang mga "plastic" o pekeng mga prutas.

Dahil madalas akong biruin ng aking ama, natutunan ko na siyatin kung ito ba ay tutoong prutas o hindi at pag napatunayan ko na peke ako ay napapasabi ng.. " na naman!" ang aking ama ay pabirong ipapaliwanag sa akin kunwari kung bakit ko kaylangang kainin ang pekeng prutas habang ako ay tumatangging natatawa.

Oo, iyon ay pekeng prutas, pero ang prutas o bunga ng Ispiritu ay tutoong bunga na nakikita sa ating mga buhay at ito ay bunga ng Banal na Ispiritu na siyang kumikilos sa ating buhay. Hindi natin mapipilit na ang buto ay maging halaman, o maging puno ,o mamunga na kaagad. Tayo ay dadaan pa rin sa maraming karanasan na makakatulong upang tayo ay lumago ng ayon sa kalooban ng ating Panginoon upang maging kagaya niya.

Natutunan ko na magmahal pa lalo sa pamamagitan ng pagpapatawad at ibigin yung mga tao na hindi kaibig-ibig. Natutunan ko na magpahinuhod nung pinipigilan kong mainis sa trapiko, o kaya naman kapag may makulit at mahirap patigilin na bata. Natutunan kong magpigil ng kaunti sa pagkain kaya ako ay medyo pumayat, nagkaroon pa ako ng kapayapaan nung natutunan kong lalong magtiwala sa panginoon sa panahon ng "unos" sa aking buhay. Natutunan kong magmagandang loob sa iba dahil kahit hindi ako karapat dapat, sila ay nagmagandang loob din sa akin. Ang kagalakan ay umuusbong tuwing kaylangan kong magalak para malampasan ang araw ng "pagsubok". Ang kaamuhan ay sumisibol sa akin sa panahon na ako ay "itinatama" ng isang mabuting lider at ako'y higit na nagagalak dahil sa mga karanasan na tumulong sa akin upang lalong maging matibay ang aking pananampalataya.

Tayo ay lumalago sa bunga ng Ispiritu habang tayo ay lumalakad ayon sa kalooban ng ating Panginoon. Kapag tayo ay malapit sa ating panginoon, mas lalo tayong nagiging kawangis niya. Nais kong mgkaroon ng maliwanag, malusog at mahinog pa na bunga sa aking puno, at Alam ko na ito ay habambuhay... Kamakailan lamang bumili ako ng isang antigong mangkok na kagaya sa lamesa ng lola ko na noon ay puno ito ng pulang pekeng mansanas at ubas. Nung Kaylan, itatapon ko na sana ang mga pekeng prutas pero biglang nanumbalik sa akin ang nakaraan. Oo, napaganda nilang tingnan sa aking lamesa ngayon, pero hindi ko ito gagamitin upang ilagay sa plato ng aking mga apo na kagaya ng aking ama, kundi nais ko lamang magsilbi itong alala ng isang masayang kahapon.

Tala: Si Vickie Oliver, ay nagbabiyaha sa loob ng dalawampu't limang taon na upang ibahagi ang kanyang ministeryo na pambata/pamilya /pangkabataan at siya din ay nagtuturo sa mga seminar na pangguro. Noong mga nkaraang taon, ang Diyos ay nagbigay sa kanya ng pagkakataong maging tagapagsalita sa isang Gawain ng mga kananayan dito at sa ibang bansa. Siya ay asawa, ina, at lola at nagmamahal sa mga kaluluwa at palaging nais maluwalhati ang Diyos.

## Mga Patutuo

Si Pastor Timothy Lee ng "Tabernacle of Joy in Singapore," ay ginamit ng Diyos upang pagpalain ang 'Family On A Mission' na programa para sa "Bacolod Youth Camp" sa bansang Pilipinas na kung saan mayroong 337 na nakatanggap ng banal na Ispiritu at 43 naman ang nabautismuhan sa pangalan ng ating Panginoong Hesu Kristo na ayon sa libro ng mga gawa. "Prayer works!" –isinumite ni Gwyn Oakes, UPCI LM President



"EME prayer group singing."

Dahil sa pagsama sama ng ating mga kapatiran mula sa iba't ibang parte ng Europa, ang Ispiritu ng ating Diyos ay malayang kumilos upang bigyan kami ng pagkakaisa sa panalangin..

Sa "Brandenburg Gate", ang grupo ay dito nagsimulang umawit. Kami ay nanalangin sa maraming lugar, at umawit din sa maraming istasyon ng tren, minsan sa loob mismo ng tren, sa kalsada at higit sa lahat sa mga malalaking katedral..

Dahil sa aming pagkantahan, nagkaroon kami ng pagkakataong makapag imbita ng mga tao papunta sa sambahan. At nung linggo na iyon. Mayroong labinlimang bisita na unang beses pa lamang nakadalo. Puno ng tao ang lugar at ang napakasarap na presensiya ng Panginoon ay naramdamdan ng bawat isa na naroroon. At higit sa lahat, mayroong isang tao na nakatanggap at nabautismuhan ng Banal na Ispiritu. -ni Jerolyn Kelley, "EME Missionary and Prayer Commission Director"

## Mula sa hulugan ng sulat

- Salamat Sis Akers! ang (pahayagan) ay napakaganda at ako lubhang nasiyahan sa aking nabasa. Pagpalain ka pa lalo ng ating Diyos –ni Vani Marshall, "Christian Counselor, MA, BCPC, Prayer Coordinator Pentecostals of Alexandria "
- **Bendiciones** Hna gracias por enviar el boletín de oración... Es de tremenda bendición... Saludos desde El Salvador (Pagpapala at pasasalamat dahil sa pagpapadala ng pahayagan na ito. -isa itong napakalaking pagpapala. Greetings from El Salvador)

## 31 na Biblikal "Virtues" sa pagpapanalangin sa inyong mga anak (7-9)

7. **Katwiran** -- "Diyos, tulungan mo po ang aking mga anak na mahalín ang katwiran na kagaya mo at sila din ay umakto ng matuwid sa lahat ng kanilang ginagawa (Awit. 11:7; Mik. 6:8)

8. **Habag**-- "Na sana ang aking mga anak ay maging mahabagin din kagaya ng kanilang ama " (Lucas 6:36)

9. **Respeto** (sa sarili, sa iba at sa awtoridad) -- " Diyos, nawa ang aking mga anak ay magpakita ng respeto sa iba kagaya ng nkasulat sa iyong salita. " (1 Perdo. 2:17)

isinumite ni Gwyn Oakes. Karapatang -ari ni Bob Hostetler (www.bobhostetler.com). Ginamit ng may permiso ng may akda.

## Mula sa Editor



Debbie Akers

### Ang Diyos ay patuloy na gumagawa ng makapangyarihang bagay!

Palagi na lamang aking layunin at pananaw, simula noong ako ay unang naatasan na simulan ang pahayagang ito na ito ay mabasa sa iba't ibang wika. Napakabuti ng Diyos sapagkat nababasa na ito mula sa English, Spanish, French, German, Dutch, Portuguese, Russian, Greek, Arabic, Farsi, Czech, Chinese, Swahili, at Hungarian. Maraming salamat kila Sisters Dianna Tuttle at Jerolyn Kelley at sa lahat ng mga nagsasaling wika kada buwan! Pati na rin kay Reverend Don Hanscom na nagsasaling wika ito sa Urdu, Hindi, Thai, Tamil, Sinhalese and Laotian! Mula sa direksiyon ni Sister Gwyn Oakes, "UPCI Ladies Ministries President", para maisakatuparan ang ating misyon sa pagpapanalangin sa ating mga anak sa buong mundo, at sa pagsulong, tayo ay makikilala bilang Internasyonal na mga Ina ng Panalangin. Kami ay nagagalak at nananalangin na patuloy na pagpalain ng ating Diyos ang ministeryong ito – ni Debbie Akers, "UPCI, Mothers of Prayer Intl, Coordinator and Editor"


Pwede po kayong magpadala ng inyong mga patutuo o magandang balita. o ideya para sa ikakalago ng ministeryong ito. Ipadala lamang sa

[MothersOfPrayerIntl@aol.com](mailto:MothersOfPrayerIntl@aol.com) or [debiakers@aol.com](mailto:debiakers@aol.com)


### Ministry Links

[Pentecostal Publishing House](#)  
[Mothers of Prayer Intl](#)  
[UPCI Ladies Ministries](#)  
[Reflections](#)  
[Today's Christian Girl](#)  
[More to Life Bible Studies](#)  
[World Network of Prayer](#)  
[UPCI](#)  
[My Hope Radio](#)  
[Multicultural Ministries](#)

### Mothers Memorial



i-iscan ang QR code para sa impormasyon sa "Mother's Memorial"



### Epektibong panalangin sa kanyang mga salita. \$14.95

Ang mga pangako sa lahat ng sitwasyon sa ating buhay ay makikita sa kanyang salita. Sikapin na matutunan ang kanyang mga salita at maging epektibo sa ating mga panalangin. Ang librong ito ay gigisingin pa ang ating nais na mahanap ang mga pangako ng ating Diyos. Pwede rin itong basahin habang nasa bahay, sa panalangin sa bahay o sa sambahan

314.837.7304 ext. 412 or [ladiesministries@upci.org](mailto:ladiesministries@upci.org).